------------------------------------------------

(petsa)

**Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,**

Ang mga bagong alituntunin tungkol sa isyu ng impeksiyon sa kuto sa mga paaralan ay inilathala sa pamamagitan ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Dept.), sa lahat ng Lupon ng Pangkalusugan at mga Serbisyong Panlipunan (Health and Social Services Boards) sa Northern Ireland. Ang mga alituntuning ito ay hindi na susuportahan ang nakagawiang pag-inspeksiyon sa ulo ng mga batang mag-aaral o pagpapadala ng "alerto" na mga sulat sa mga magulang. Gayunpaman, pakiramdam ko na kailangang malaman ng mga magulang kung may natagpuan na kuto at ang liham na ito ay nagpapatunay na ipinaalam na sa klase ng iyong anak. Nais kong itawag-pansin sa iyo ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa problemang ito.

*Ang paggamot sa pinaghihinalaang impeksiyon sa kuto ay dapat gamitin lamang kung may natagpuang buhay na kuto na gumagalaw.

*Ang isang kumpletong paggamot ay nangangailangan ng dalawang beses na aplikasyon na may pitong araw ang pagitan.

*Ang kuto ay naililipat lamang sa pamamagitan ng direkta at matagalang ulo-sa-ulong pagtatabi.

*Nakapatong sa magulang ang pangunahing responsibilidad para makilala ang paggamot at pag-iwas ng pamilya sa kuto.

*Ang regular na pagsusuklay gamit ang pinong suklay ay ang pinakamahusay na hakbang sa pag-iwas.

Ang mga magulang ay hindi dapat mahiya kung may masumpungang senyales ng pagdagsa ng kuto subalit gumawa ng paraan upang tugunan ito. Maaring humingi ng payo mula sa iyong lokal na Health Centre, G.P., parmasyutiko o sa nars ng paaralan tungkol sa losyon at iba pa para sa paggamot ng mga kuto.

Tapat na sumasainyo,

Punong-guro